# Ano ang kahulugan ng Sintaks?

- Ang sintaks ay mula sa salitang Griyego na "*syntattein*" na ang ibig sabihin ay pagsama-sama o pagsama-samahin.
- pag- aaral ng istruktura ng mga pangungusap, pagsasama- sama ng mga salita para makabuo ng mga parirala o mga pangungusap.

Kapag nagbago ang pagkakaayos ng mga salita sa pangungusap ay nagbabago rin ang kahulugan nito.

Ponolohiya-Morpolohiya-Sintaks

# HALIMBAWA

1. Naglilinis sa silid-aralan ang mga estudyante.
2. Ang silid-aralan estudyante mga naglilinis.

**Walang linggwistikang kahulugan dahil sa hindi tamang pagkakaayos ng mga morpema**

Kailangan sundin ang mga tuntunin sa balarila na nagsasabi kung paano pag-uugnay-ugnayin ang mga morpema upang makabuo ng malinaw na pagpapakahulugan.

Ito ang tinatawag na tuntuning **sintaksis ng wika.**

**"Sintaksis"**

Ang pangungusap ay isang sambitlang may patapos na himig sa dulo.
Halimbawa:

Nanay! (panawag)
Aray! (nagsasaad ng damdamin)
Sulong! (utos)
Opo (panagot sa tanong)
Umuilan (pandiwang palikas o penomenal)

titik——————→salita——————→pangungusap—→diskurso

| titik | salita | pangungusap |
|---|---|---|
| ↓ | ↓ | ↓ |
| ponema | morpema | sintaksis |
| ↓ | ↓ | |
| ponolohiya (palatanungan) | morpolohiya (palabusan) | |

# Ano ang pangungusap?

Sa linggwistika,
ang **pangungusap** ay lipon ng mga salita na nagpapahayag ng buong diwa. Binubuo ito ng panlahat na sangkap, ang panaguri at ang paksa subalit buo ang diwa.

# Mga Bahagi ng Pangungusap

1. **Simuno o Paksa (Subject sa wikang Ingles)**

**- ang bahaging pinag-uusapan o pinagtutuunan ng pansin sa loob ng pangungusap. Ang paksa o simuno ay maaaring gumaganap ng kilos o pinagtutuunan ng diwang isinasaad sa pandiwa at ganapan ng kilos ng pandiwa.**

**- Ang *ang/si* ay nagpapakilala sa simuno at ipinakita na rin ang mga panghalili sa mga iyon na mga panghalip paano at pamatlig.**

**2. Panaguri (Predicate sa wikang Ingles) ang bahagi ng pangungusap na nagbibigay ng kaalaman o impormasyon tungkol sa paksa. Ito ay naglalahad ng mga bagay hinggil sa simuno.**

**Halimbawa: Siya ay maganda.**
**Siya - simuno**
**maganda - panaguri**

# AYOS NG PANGUNGUSAP

- **Karaniwang Ayos**

Sa karaniwang ayos ng pangungusap ay nauuna ang panaguri kaysa simuno. Hindi ito ginagamitan ng panandang "ay".

Hal.

Nagmamadaling umalis ng bahay si Claire.

Naglilinis ng bahay ang magkakapatid.

# AYOS NG PANGUNGUSAP

- **Di-karaniwang Ayos**

Kapag ang simuno ay nauuna sa panaguri ay nasa di-karaniwang ayos ito ng pangungusap. May panandang "ay" ang mga pangungusap na di-karaniwan.

Hal.

Sina Faith at Gel ay masayang nagkukwentuhan sa parke.

Ang mga mamamayan ay nagkakaisa para sa ikauunlad ng bayan.

# Mga Uri ng Simuno

## A. Pariralang Nominal-

halimbawa:

Nagkaisa *ang mga* taong-bayan.

Nag-uusap *sina* Ava at Ann.

Nagkakasundo ang mga iyan.

## 2. Pariralang Pandiwa

Halimbawa:

Mahirap ang umasa.

Hindi madali ang magpatawa.

Dumating na ang mga nagtatrabaho.

## 3. Pariralang Pang-uri

halimbawa:

Pinararangalan ang matatalino.

Hinahangaan ang magagalang.

Mapagkunwari ang madadaya.

## 4. Pariralang Pang-abay

halimbawa:

Huwag nang sariwain ang nakaraan.

Alalahanin natin ang bukas.

Mahalaga ang kasalukuyan.

5. Pariralang Pang-ukol

hal.

Pagpapapatawad ang nasa magulang.

Pagsisikap ang nasa sambayanan.

Pagtulong ang para sa iyo.

## 6. Pariralang Eksistensyal

hal.

Masaya ang may mga magulang.

Malungkot ang walang mga tunay na kaibigan.

Mainam ang may sariling disposisyon

# Ang Panaguri

Ang panaguri ng pangungusap ay maaaring **pariralang berbal o di- berbal.**

1. **Pariralang Di-berbal**

   a. ***Pariralang Pangngalan***

   Propesor ng Kolehiyo ng Arte at Literatura si Prop. Virgilio Almario.

   **b. Pariralang Panghalip**

   Kayong lahat ang pag-asa.

   c. **Pariralang Pang-abay**

   Lubhang kahabag-habag ang kalagayan ng mga taga-Leyte.

d. **Pariralang Pang-uri**

Bagong cellphone ang nawala sa kanya.

e. **Pariralang Pang-ukol**

Nasa inyo ang kinabukasan ng sambayanan.

f. Pariralang Eksistensyal

Mayroon nga sila.

Wala ka ng pag-asa kaya wag ka ng umasa pa.

# Aspekto ng Pandiwa

ANG ASPEKTO NG PANDIWA AY NAGSASAAD O NAGPAPAHAYAG KUNG ANG KILOS AY NASIMULAN NA, NATAPOS NA, SINISIMULAN NA O SISIMULAN PALANG

# Tatlong Aspekto ng Pandiwa

1. Naganap/perpektibo
2. Nagaganap/imperpektibo
3. Magaganap/ kontemplatibo

**Pariralang Berbal**

Tinatalakay sa pariralang berbal ang hinggil sa komplemento/kaganapan at pokus ng pandiwa.

Isang katangian ng pandiwa na ikinaiiba nito sa ibang bahagi ng pananalita ay ang pagbabago ng anyo nito batay sa aspekto.

Nababanghay ang pandiwa sa naganap (nasimulan), ginaganap, at gaganapin na aspekto.

## *Ang Kaganapan o Komplemento ng Pandiwa*

- Tumutukoy ang kaganapan sa pangngalan o panghalip na nagpapakita ng kaugnayan sa panaguring pandiwa.

1. **Kaganapang Aktor/Tagaganap-** nagsasaad kung sino ang tagaganap o gumaganap ng kilos at ginagamit ang mga panandang ni at ng

| Pandiwa | Kaganapang AKtor | Simuno |
|---|---|---|
| Kinain | Ni Adrian | ang siopao. |

2. **Kaganapang Layon-** bahagi ng panaguri na nagsasaad ng bagay na tinutukoy o ipinahahahayag ng pandiwa.

| PANDIWA | LAYON | SIMUNO |
|---|---|---|
| BUMILI | NG SAPATOS | ANG ESTUDYANTE. |

# 3. **Kaganapang tagatanggap/benepaktib**

bahagi ng panaguri nanagpapahayag kung sino ang nakikinabang sa kilos na isinasaad ng pandiwa.
Ginagamit ang pang-ukol na **para sa o para kay.**

| Pandiwa | Layon | Simuno | Tagatanggap |
|---|---|---|---|
| Bumili | Ng salad | si Aubrey | para kay Rodney. |
| Bumili | ng laruan | Si lola | Para sa mga apo niya. |

# 4. Kaganapang Kagamitan/instrumental

bahagi ng panaguri na nagsasaad kung anong bagay o kagamitan ang ginagamit upang maisagawa angkilos na ipinahahahayag ng pandiwa.

| Pandiwa | Simuno | Layon | kagamitan |
|---|---|---|---|
| Namitas | siya | Ng bulaklak | Sa pamamagitan ng gunting. |

# 5. Kaganapang Ganapan/lokatib

Nagpapakilala ng pook na pinangyarihan, pinangungunahan ng **sa.**

| Pandiwa | Simuno | Layon/gol | Kag. ganapan |
|---|---|---|---|
| Bumili | siya | Ng laruan | sa SM CITY-Cauayan |

# 6. Kaganapang Sanhi/kawsatib

Nagpapakilala ng kadahilanan ng kilos,pinangungunahan ng **dahil sa o dahil kay**.

| Pandiwa | Simuno | Kaganapang sanhi |
|---|---|---|
| Umiyak | ako | dahil sa hirap ng pinagdaanan ko. |

# 7. Kaganapang Direksyunal

Nagpapakilala ng direksyon o taong tatanggap ng kilos,pinangungunahan ng **sa/kay**.

| Pandiwa | Simuno | Kag. Direksiyunal |
|---|---|---|
| Dumalaw | Si Joshua | Kay Kate. |

Ang relasyong panggramatika ng pandiwa at ng kaganapan o komplemento ang tinatawag na POKUS.

Malalaman ang uri ng pokus ng pandiwa batay sa mga panlaping bumubuo nito. Sa pamamagitan ng mga panlapi,naipakikilala kung alin ang komplemento o kaganapang binibigyan ng pokus sa pangungusap.

Ang pinakapaksa o ang pinakasimuno ng pangungusap ang itinuturing na pokus

# Mga Uri ng POKUS

# 1. Pokus sa Tagaganap/Aktor

Ang paksa o simuno ang tagaganap ng kilos.

Mga panlaping ginagamit: -um ma- mag- mang- maka- makapag-

Halimbawa:

| PANLAPI | PANDIWA | AKTOR/SIMUNO | LAYON | GANAPAN |
|---|---|---|---|---|
| -um | Kumukuha | ang mananahi | Ng sinulid | Para sa kasama. |
| Mag- | Naglaba | Ang labandera | Ng barong | Para sa asawa. |

| Panlapi | Pandiwa | Aktor | Gol | benepaktib |
|---|---|---|---|---|
| Nang- | Namitas | Ang hardinero | Ng bulaklak | Para sa guro. |
| Maka- | Makagagawa | Ang eskultor | Ng mural | Para sa munisipyo. |
| Ma-makapag | Makakapagpadala | Si Denise | Ng hikaw | Para kay Ging. |
| Makipag- | Makikipagkita | Siya | Kay Mirasol | |

# 2. Pokus sa Layon/gol

Ang layon o ang gol ang siyang simuno ng pangungusap. Halimbawa:

| Panlapi | Pandiwa | Aktor | Simuno | Benepaktib |
|---|---|---|---|---|
| -in | Kinuha | Ng mananahi | Ang sinulid | Para sa kasama. |
| -an | Nilabhan | Ng labandera | Ang barong | Para sa asawa. |

# 3. **Lokatib Pokus/Ganapan**

Ang ganapan o ang pinangyarihan ng kilos ang simuno ng pangungusap. ang mga panlaping *–in –an* at *pag-an*.

| **Panlapi** | **pandiwa** | **aktor** | **Gol** | **simuno** |
|---|---|---|---|---|
| -an | Kinunan | Ng mananahi | Ng sinulid | Ang makina. |
| -in | Linangin | mo | | Ang bukid. |
| Pag-an | Pinaglutuan | ko | Ng adobo | Ang kawali. |

# 4.Benepaktib Pokus/Tagatanggap

Ang kaganapang pinaglalaanan ng kilos ay ang simuno. dito ang mga panlaping *–i at ipag*

| Panlapi | Pandiwa | aktor | gol | simuno |
|---|---|---|---|---|
| i | ikinuha | Ng mananahi | Ng sinulid | Ang kasama. |
| ipag | Ipinaglaba | Ng labandera | Ng barong | Ang asawa. |

# 5.Instrumental Pokus/kagamitan

Ang kagamitan ang siyang naging simuno ng pangungusap.Napapaloob dito ang mga panlaping *–ipang at maipang*.

| panlapi | pandiwa | aktor | gol | simuno |
|---|---|---|---|---|
| ipang | Ipinamin gwit | niya | Ng isda | Ang kawayan. |
| Maipang - | Naipang uha | ko | Ng bulaklak | Ang gunting. |

# 6.Kawsatib Pokus/sanhi

Ang kadahilanan o sanhi ang siyang naging simuno ng pangungusap.Napapaloob dito ang panlaping ***–ika.***

| Panlapi | pandiwa | aktor | simuno |
|---|---|---|---|
| ikina | Ikinamatay | Ng tatay mo | Ang kanser sa baga |

# 7.Pokus Resiprokal

Ang aktor at gol ay simunO ng pangungusap.Ang pandiwa ay banghay sa panlaping kabilaan na nag-an.

Halimbawa:

Nagmamahalan sila.

Nagkwentuhan ang mag-ina.

Nagbibiruan sina Anton at Amor.

# URI NG PANGUNGUSAP AYON SA ISTRUKTURA

## 1. Payak

Ang pangungusap ay payak kung ito ay nagpapakita ng isang diwa lamang. Maaring ito ay magkaroon ng:

a. Payak na simuno at payak na panaguri

b. Payak na simuno at tambalang panaguri

c. Tambalang simuno at payak na panaguri

d. Tambalang simuno at tambalang panaguri

# URI NG PANGUNGUSAP AYON SA ISTRUKTURA

## 1. Payak

Halimbawa:

a. Si **Ana** ay matalino.

b. Si **Ana** ay matalino at maganda.

c. Sina **Ana at Maria** ay matatalino.

d. Sina **Ana at Maria** ay matatalino at magaganda.

# URI NG PANGUNGUSAP AYON SA ISTRUKTURA

## 2. Tambalan

Ang tambalang pangungusap ay binubuo ng dalawang magkaibang pangungusap na pinagtatambal sa tulong ng pangatnig na **at, ngunit, samantalang o habang**.

Halimbawa:

a. Ikaw ang tutugtog ng gitara **at** ako naman ang sasayaw at aawit.

b. Ibibigay ko na sana ang pera sa kanya **ngunit** bigla siyang umalis.

# URI NG PANGUNGUSAP AYON SA ISTRUKTURA

## 3. Hugnayan

Ang pangungusap ay hugnayan kung ito ay may sugnay na makapag-iisa at sugnay na di-makapag-iisa. Nagpapakita ito ng **kalalabasan, kondisyon, at kadahilanan**.

Halimbawa:

a. Aalis ako ng bansa kung hihiwalayan mo ako.

b. Mapayapa ang kanilang pagsasamahan dahil sila'y nagkakaunawaan.

# URI NG PANGUNGUSAP AYON SA ISTRUKTURA

## 4. Langkapan

Ang langkapan pangungusap ay **kombinasyon ng tambalan at hugnayang pangungusap**. Binubuo ito ng isang sugnay na di-makapag-iisa at dalawang sugnay na di-makapag-iisa o di kaya'y dalawang sugnay na makapag-iisa at isang sugnay na di-makapag-iisa.

# URI NG PANGUNGUSAP AYON SA ISTRUKTURA

## 4. Langkapan

Halimbawa:

a. Si Aling Martha ay nagluluto ng pagkain samantalang ang kanyang mga anak ay naglilinis ng bahay dahil may darating na panauhin.

b. Nag-aaral nang mabuti ang mga estudyante upang makakuha nang malaking marka sa pagsusulit at makatapos sa kanilang pag-aaral.

# URI NG PANGUNGUSAP AYON SA GAMIT

## 1. Pasalaysay/Paturol

Ang pangungusap na pasalaysay/paturol ay nagsasabi tungkol sa isang bagay. Nagpapahayag ito ng **katotohanan, bagay o pangyayari**.

Halimbawa:

Masayang naghahanda ang mga tao para sa darating na pasko.

# URI NG PANGUNGUSAP AYON SA GAMIT

## 2. Patanong

Kapag ang pangungusap ay **nagtatanong o nag-uusisa** ito ay pangungusap na patanong.

Halimbawa:

Kailan kita muling makita?

# URI NG PANGUNGUSAP AYON SA GAMIT

## 3. Padamdam

Nagpapahayag ng masidhing damdamin ang mga pangungusap na padamdam. Maaaring ito ay nagpapakita ng **pagkatuwa, pagkalungkot, o pagkabigla**.

Halimbawa:

Bitawan mo ako!

# URI NG PANGUNGUSAP AYON SA GAMIT

## 4. Pakiusap

Ang pangungusap ay nakikiusap. Ginagamitan ito ng magagalang na salita tulad ng **paki, pwede ba, o maaari ba**.

Halimbawa:

Pwede ba kitang makausap?

# URI NG PANGUNGUSAP AYON SA GAMIT

5. **Pautos**

Ang pangungusap na pautos ay mga pangungusap na **nag-utos**.

Halimbawa:

Kumuha ka ng tubig.

# MGA KATANUNGAN

Istruktura

1. Maaaring manganib ang buhay ng mga hayop kung hindi pangalagaan nang mabuti ang kagubatan.
2. Magsuot ka ng kapote at dalhin mo ang payong dahil lumalakas na ang buhos ng ulan.
3. Nais niyang makapasok sa isang aviation college sapagkat matagal na niyang pinapangarap ang maging isang magaling na piloto.

# MGA KATANUNGAN

Istruktura

4. Ang mabuting mamamamayan ay laging sumusunod sa batas.

5. Nagtatag ng isang samahan sina Arnel at agad silang umisip ng magandang proyekto para sa mga kabataan ng kanilang pook.

# MGA KATANUNGAN

Gamit

6. Pambihira, ang gara ng lasa!

7. Sagutin mo agad ang liham ni Eva.

8. May pasok ba bukas?

Karaniwan o Di-karaniwan

9. Ang buhay ng mga bayani ay magandang huwaran sa mga bata.

10. Nag-aaral ng medisina si Myrna.

# Di-Pagpapanaguring Pangungusap

May isang salita o lipon ng mga salita na walang simuno, ngunit nagpapahayag naman ng diwa o kaisipan.

Sa madaling sabi, mataawag itong pangungusap.Mapapansing walang ANG (pananda) na makikito rito.May mga pangungusap din namang walang panaguri ngunit may diwang ipinahahahayag.

# di-pagpapanaguri ng pangungusap

# 1.Eksistensyal

Nagpapahayag ng pagkamayroon o wala.

Halimbawa:

Walang klase.

Walang dumating.

Walang pera si Mama.

May mga magaganda sa loob ng Accreditation Room.

# 2.Temporal

~~Nagsasaad ng kalagayang panandalian o panahunan lamang.~~

Hal.

Bukas na.

Taglagas na.

Tag-ulan na.

Tagtuyot na.

Tag-ani na.

Tagsibol noon.

Mayo na.

Pasko na.

Semana Santa na.

# 3. Penomenal

Nagsasaad ng kalagayan ng panahong dulot ng kalikasan.Nababanghay ang nasa unang hanay dahil mga pandiwa ang mga ito.

Halimbawa

- Umuulan. Bumabagyo.
- Bumabaha.
- Kumikidlat
- Umaaraw.
- Lumilindol.

# 4.Amenidad o pormulasyong panlipunan

Nagsasaad ng paggalang o pamimitagan at mga pagbati.

Halimbawa

Tao po. Kumusta po kayo?

Maraming Salamat po.

# 5. Paghanga

Ginagamit sa mga pangungusap na ito ang mga panlapi sa kaantasang pasukdol tulad ng napaka-,kay at ang na sinusundan ng morpemang salitang-ugat.

Hal.:

Napakaganda ko!

Ang sipag niyo.

# 6. Modal

May mga modal na nangangahulugan ng gusto,nais at ibig.

Hal.

Gusto niya ng kapangyarihan.

Nais ko ng kotse.

Ibig mo ng katanyagan di ba?

# 7. Pandamdam o maikling Kataga

Aray!

Naku!

Aba!

Saklolo!

Holdaper!

# 8.Pangungusap na may ka- ang pandiwa

May ka- ang pandiwa na nangangahulugan ng katatapos na pagganap ng kilos.

Hal.

Kakakain ko lang.

Katatawag lang ni mommy.

# Pagpapaha ba ng Pangungusa p

Maaaring pahabain ang pangungusap sa iba’t ibang paraan (Gonzales 1992) sa pamamagitan ng panuring o pagpapahahabang nominal,ng mga kataga, ng mga kaganapan,pagtatambal at pagpapaloob.

# 1.Pagpapahabang nominal o pagpapahaba sa pamamagitan ng panuring

Sa pamamagitan ng pamamaraang ito,idinaragdag ang na at –ng sa pagitan ng salitang tumuturing at tinuturingan.Karaniwang idinaragdag ang na at –ng sa pangngalan kaya ito ay nagiging panuring.

| Pangngalan + na/ng | + pangngalan |
|---|---|
| Sila ang mga batang doktor. | (Sila ang mga doktor.) |
| Pang-uri +na/ng | |
| Masipag na ina si Felina | (Masipag si Felina.) |
| | |
| | |
| | |

# 2.Mga Kataga bilang pagpapapahaba ng pangungusap

Mga kataga na nagpapahaba ng mga pangungusap:

nga na naman ba lamang lang sana daw/raw din/rin man
pala muna pa yata

Hal.

Kumain si Avic.

Kumakain pala si Avic.

Kumakain nga muna si Avic.

Kumakain pa ba si Avic?

Kumakain na naman yata si Avic.

# 3. Pagpapahaba sa pamamagitan ng komplemento o kaganapan ng pandiwa

Halimbawa:

**Batayang Pangungusap** Nag-ihaw ang lola.

**Kaganapang layon** Nag-ihaw ang lola ng isda.

**Kaganapang tagatanggap** Nag-ihaw ang lola ng isda para sa mga apo.

**Kaganapang Ganapan** Nag-ihaw ang lola ng isda sa kabilang bahay para sa mga apo.

**Kaganapang Kagamitan** Nag-ihaw ang lola ng isda sa kabilang bahay para sa mga apo sa pamamagitang ng uling.

**Kaganapang tagaganap-** Pinangungunahan ito ng panandang ni at ng mga panghalili nito.

Hal. Inalok ni Wahab na mangibang bansa.

Inalok niyang mangibang bansa.

Kaganapang Layon- Pinangungunahan ito ng panandang ng at ng mga panghalili nito.

Hal. Nagpadala ang guro.

Nagpadala ng ice cream ang guro.

Nagpadala niyan ang guro.

## Kaganapang tagatanggap- Pinangungunahan ito ng pariralang pang-ukol na para sa at ng mga panghalili nito.

Nagpabili ang tiyo.

Nagpabili ang tiyo para sa inaanak.

Nagpabili ang tiyo para kina J at M.

Nagpabili ang tiyo para sa kanila.

Nagpabili ang tiyo para roon.

**Kaganapang Ganapan- Pinangungunahan ito ng pang-ukol na SA at ng mga panghalili nito.**

Umakyat ang mga bata ng mangga.

Umakyat  ang mga bata ng mangga sa bahay.

Umakyat ang mga bata ng mangga doon.

Umakyat ang mga bata ng mangga sa kanila.

**Kaganapang Kagamitan-Pinangungunahan ito ng pariralang sa pamamagitan ng at ng mga panghalili nito.**

Naglinis si Roma.

Naglinis si Roma sa pamamagitan ng walis tambo.

Naglinis si Roma sa pamamagitan nito.

# 4. **Pagpapahaba sa pamamagitan ng pagtatambal**

Maaring pag-ugnayin ang dalawang pangungusap sa pamamagitan ng NG,NGUNIT,DATAPWAT,SUBALIT,PERO, at AT.Matatawag din itong tambalang pangungusap.

Hal.

a. Kinakausap siya ng kanyang kaibigan.
b. Hindi siya sumasagot.
c. Kinakausap siya ng kanyang kaibigan  ngunit hindi siya sumasagot.

# 5.Pagpapahaba sa pamamagitan ng pagpapaloob.

Maaaring bumuo ng hugnayang pangungusap sa pamamagitan ng pagpapaloob ng mga pangungusap sa pangunahin o matrix ng pangungusap.

Hal. (sinabi ni Allan) na (dumalo si Gat sa birthday party)

Sinabi ni Allan  na dumalo si Gat sa birthday party.

# Semantika

Ang semantika ay ang pag-aaral na tumutukoy sa kung paano nabibigyang kahulugan ang mga salita’y batay sa paggamit nito sa pangungusap o pahayag.

Ito ang sentro ng pag-aaral ng komunikasyon.

Ito ay proseso ng pag-iisip, kognisyon, at konseptwalisasyon.

Sentrong daluyan ng ibat-ibang larangan ng isipan at disiplina ng pag-aaral.

Sa Kabuuan, sa Semantiks ang fokus ay ang kahulugan ng salita, parirala o pangungusap.

Mahalagang isaalang alang na ang wikang katutubo ng isang bayan ay naiimpluwensyahan ng mga dayuhang wika kaya lumalago ang vokabularyo o talasalitaan.

Ang historikal (pinagmulan at hiniramang wika ng isang salita), sikolohikal, sosyo-kultural-pulitikal-ekonomikal na pag-aaral at klasipikasyon sa pagbabago ng forma atpaglitaw ng salita ay binibigyang halaga sa linggwistik debelopment (agham sa pag-aaralng wika)

Kinukunsidera natin ang pagiging nasyunal o pambansa, kadalisayan at pana-panahong gamit bilang at batis ng katumpakan sa pagbibigay ng kahulugan ng salita.

Nagkakaroon ng pagbabago ang wka sa iba't ibang panahon."ng mga katuturang ibinigay ngayon sa salita ay maaaring lumago, lumawak, maiba sa isang henerasyon o partikular na panahon .

# Mga kahulugan ng salita
ayon sa aklat nina Cardenas, Austero et.al

## Kahulugang konotasyon

- Mga implied o "sugggested meaning " kasama ang lahat ng emosyunal , pabor na tono na walang katiyakan at kaiba sa tunay na kahulugan.

- May mga pangyayari na sa pagbibigay ng konotasyon, may ilang gulo itong nililikha sapagkat maaaring iba ang gustong "palitawing kahulugan" kaysa sa tunay na kahulugan ng salita.

# Kahulugang Denotasyon

- Ito ang Literal na kahulugan ng mga salita.

- Tinatawag din itong “core meaning “ ni G. Porter at G. Perrin, isang dalubwika, sapagkat may paniniyak at walang pasubali; kinikilala, tinatanggap at sinasang-ayunan ng mga tao.

# Pagtalakay ng Panlinggwistiks sa Semantiks

Layunin ng pag-aaral ng wika ang pagkakaroon ng kompetens sa linggwistiks ng katutubong tagapagsalita ng wika, iyon ang probisyon ng alituntunin at structura na tumitiyak ng kailanganin ng tao upang malaman nya ang nabanggit na wika.

Isang ebedinsya ng kaalaman sa semantiks ng wika ng isang tao ang pagkilala nya sa mga pahayag kung semantik o hindi kahit na hindi naman sa grammatikal na tuntunin.

# PRAGMATIK

Ang **pragmatiks** ay tumutukoy sa mga kaalamang extralinguistic na dapat taglayin ng isang nagsasalita upang makapagtamo ng kahulugan mula sa isang sitwasyong komunikatibo. Ito ang pag-aaral kung paano naapektuhan ng isang konteksto ang interpretasyon ng wikang ginamit sa komunikasyon.

Walang nakakatalo sa wika kaya kailangang pag-aralan ang relasyon sa loob ng pagganap tulad ng tinatawag na parapreysing o sinonim(pareho ng kahulugan).